

Sangguniang Gabay para sa Booster na Dosis ng Bakuna sa COVID-19 para sa Lahat ng Edad



Ikaw at ang iyong anak ay nabakunahan ng pangunahing serye ng bakuna sa COVID-19 upang maprotektahan kayo at ang iba pang tao laban sa malubhang pagkakasakit, pagpapaospital, at pati na rin sa pagkamatay dahil sa COVID-19. Ayon sa mga pag-aaral, bagamat nananatiling mabisa ang mga bakuna sa COVID-19, posibleng humina ang proteksiyon nito sa paglipas ng panahon.

Sa ngayon, ang pagpapa-booster pa rin ang pinakamabisang paraan upang maipagpatuloy ang proteksiyong ito.

Tingnan ang chart sa ibaba upang malaman kung kuwalipikado ka o ang iyong anak para sa 1 o higit pang booster na dosis ng bakuna sa COVID-19.*

	Sino ang kuwalipikado?	Kailan ako dapat kumuha ng booster?	Puwede ba akong kumuha ng ikalawang booster?	Aling booster?
<p>Kung ang nakuha mo ay...</p> <p>Pfizer</p>	<p>Ang lahat ng 5+ ay dapat kumuha ng booster na dosis upang maituring na updated.</p>	<p>Hindi bababa sa 5 buwan pagkakumpleto ng pangunahing serye ng bakuna ng Pfizer.</p>	<p>Ang lahat ng 50+ ay dapat kumuha ng ika-2 booster nang hindi bababa sa 4 buwan pagkatanggap ng ika-1 booster.</p>	<p>Ang mga nasa hustong gulang na 18+ ay puwedeng kumuha ng booster na dosis ng anumang mRNA na bakuna sa COVID-19.</p> <p>Pfizer ang dapat kuning booster ng mga batang 5–17.</p>
<p>Kung ang nakuha mo ay...</p> <p>Moderna</p>	<p>Ang lahat ng nasa hustong gulang na 18+ ay dapat kumuha ng booster na dosis upang maituring na updated.</p>	<p>Hindi bababa sa 5 buwan pagkakumpleto ng pangunahing serye ng bakuna ng Moderna.</p>	<p>Ang lahat ng 50+ ay dapat kumuha ng ika-2 booster nang hindi bababa sa 4 buwan pagkatanggap ng ika-1 booster.</p>	<p>Isang booster na dosis ng kahit anong mRNA na bakuna sa COVID-19.</p>
<p>Kung ang nakuha mo ay...</p> <p>Johnson & Johnson</p>	<p>Ang lahat ng nasa hustong gulang na 18+ ay dapat kumuha ng booster na dosis upang maituring na updated.</p>	<p>Hindi bababa sa 2 buwan pagkakumpleto ng pangunahing serye ng bakuna sa J&J.</p>	<p>Ang lahat ng 50+ at ang mga nakatanggap ng bakuna ng J&J para sa pangunahin at booster na dosis ay dapat kumuha ng ika-2 booster nang hindi bababa sa 4 buwan pagkatanggap ng ika-1 booster.</p>	<p>Mas mainam ang booster na dosis ng kahit anong mRNA na bakuna kaysa sa J&J para sa ika-1 booster. Kahit anong mRNA na bakuna dapat sa COVID-19 ang ika-2 booster.</p>
<p>Kung ang nakuha mo ay...</p> <p>Novavax</p>	<p>Kung Novavax ang nakuha mo para sa iyong pangunahing serye, hindi ka kuwalipikado para sa booster na dosis ng kahit anong brand sa ngayon.</p>			

Kung ikaw ay katamtaman o malubhang immunocompromised, mag-iiba ang mga alituntunin.

*Ang mga taong nagkaroon ng impeksiyon ng SARS-CoV-2 kamakailan ay maaaring pag-isipan na **huwag munang kumuha ng una o ikalawang booster na bakuna sa COVID-19 sa loob ng 3 buwan mula nang nagkaroon ng sintomas o nagpositibo sa pagsusuri (kung walang naging sintomas habang may impeksiyon)**. Ayon sa mga pag-aaral (nasa wikang Ingles), kapag mas malaki ang agwat ng panahon sa pagitan ng pagkahawa at ng pagpapabakuna, mas malakas ang immune response sa bakuna. Naobserbahan din na mas maliit ang panganib na mahawahan ulit sa loob ng mga linggo o buwan matapos unang mahawahan. Ang mga indibidwal na salik gaya ng panganib na magkaroon ng [malubhang sakit](#) (nasa wikang Ingles) na COVID-19, [COVID-19 sa buong komunidad](#) (nasa wikang Ingles), o ng mga katangian ng laganap na SARS-CoV-2 strain ay dapat isaalang-alang kapag nagpapasiya kung hindi pa muna kukuha ng booster na dosis matapos gumaling sa impeksiyon.

Mga Madalas Itanong tungkol sa mga Booster na Dosis ng Bakuna sa COVID-19

Bakit mahalaga ang mga booster na dosis?

Makakatulong ang mga booster na dosis sa pagbibigay ng tuloy-tuloy na proteksiyon laban sa malubhang pagkakasakit. Inirerekomenda lang dati ang mga booster na dosis sa mga populasyong lubos na nanganganib na magkaroon ng malubhang COVID-19, ngunit pinalawak ang rekomendasyon para maisali ang lahat ng 5 taong gulang pataas na nakatanggap ng Pfizer bilang pangunahing serye upang madagdagan ang kanilang proteksiyon laban sa sakit na COVID-19. Ang ilang populasyon, gaya ng mga taong katamtaman o malubhang immunocompromised, ay maaaring mangailangan ng karagdagang dosis upang madagdagan ang kanilang immunity. Mahalaga ito lalo na ngayong dumarami ang mga variant na higit na nakakahawa at ang mga kaso ng COVID-19 sa buong Estados Unidos.

Kung kailangan ng mga booster na dosis, ibig bang sabihin nito ay hindi gumagana ang mga bakuna?

Hindi. Ang mga kasalukuyang bakuna sa COVID-19 na mayroon tayo sa Estados Unidos ay mabisang gumagana para pigilan ang malubhang pagkakasakit, pagpapaospital, at pagkamatay, kahit na pa laban sa mga variant. Gayunpaman, napansin ng mga eksperto sa pampublikong kalusugan na nabawasan ang proteksiyon laban sa banayad at katamtamang sakit na COVID-19, lalo na sa mga populasyong lubos na nanganganib.

Ano ang dapat kong dalhin sa appointment ko para sa booster na dosis?

[Pakidala ang card mo/ng iyong anak sa pagpapabakuna](#) sa appointment para sa booster na dosis para makumpirma muna ng provider na kumpleto na ang inisyal na serye ng bakuna. Kung nawawala ang card, maaaring hanapin ng provider ang iyong rekord.

Ano ang pinagkaiba ng karagdagang dosis ng bakuna at ng booster na dosis?

Ang karagdagang dosis ay para sa mga pasyenteng immunocompromised na nakakumpleto ng 2 dosis na serye ng mRNA na bakuna (Pfizer o Moderna) ngunit may hindi sapat na malakas na immune response.

Ang booster na dosis ay ibinibigay upang palakasin o ipanumbalik ang proteksiyon at/o immunity pagkatapos humina ng inisyal na serye ng bakuna sa paglipas ng panahon.

Mahalaga ba ang brand ng bakuna para sa booster na dosis?

Maaari kang kumuha ng ibang bakuna para sa booster na dosis bukod sa bakunang nakuha mo para sa pangunahing serye kung ikaw ay 18 taong gulang pataas at nakatanggap ng Johnson & Johnson o mRNA na bakunang may 2 dosis para sa iyong pangunahing serye. Isinagawa ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) ang pagpapasiya nito kasunod ng isang maingat na pagsusuri sa pinakabagong datos (mga booster na Moderna, Johnson & Johnson, mix and match), at ng masigasig at masusing talakayan tungkol sa mga booster na iniksyon. Sa kasalukuyan, ang Novavax ay walang inirerekomandang booster at hindi ito dapat ihalo o itugma sa ibang bakuna sa COVID-19. **Pfizer lang ang bakunang maaaring kunin ng mga taong may edad na 17 pababa para sa booster na dosis kung nakatanggap sila ng Pfizer bilang pangunahing serye.**

Kailan itinuturing na ganap nang nabakunahan ang isang tao?

Ituturing ka o ang iyong anak na **ganap nang nabakunahan** 2 linggo pagkatanggap ng lahat ng inirerekomandang dosis sa pangunahing serye ng pagpapabakuna sa COVID-19.

Ituturing ka o ang iyong anak na **updated** sa pagpapabakuna sa COVID-19 kapag natanggap na ang lahat ng dosis sa pangunahing serye at [ang lahat ng inirerekomandang booster](#) (nasa wikang Ingles), kapag kuwalipikado na.

Puwede bang tumanggap ng booster kasabay ng ibang bakuna, tulad ng para sa trangkaso?

Oo. Ikaw o ang iyong anak ay puwedeng makakuha ng bakuna sa COVID-19 kasabay ng ibang bakuna. Hindi mo kailangang i-schedule ang [mga kailangang bakuna sa paaralan](#) (nasa wikang Ingles) ng iyong anak o ang iba pang inirerekomandang bakuna nang hiwalay sa bakuna sa COVID-19. Ang appointment para sa bakuna sa COVID-19 ay isa pang pagkakataon para makuha mo o ng iyong anak ang lahat ng inirerekomandang bakuna.

May tanong pa? Pumunta sa:
doh.wa.gov/covidbooster